

# Bakit Hindi Episyente at Mapagpantay ang Libreng Matrikula sa mga Pampublikong Kolehiyo at Pamantasan

Tereso S. Tullao, Jr., Ph.D.  
Br. Vincenzo Della Croce FSC Gawad Profesoryal sa  
Business Economics

10 Agosto 2017



De La Salle University


# Balangkas

- Introduksyon
- Mga Benepisyo ng Lalong Mataas na Edukasyon
- Pagbabayad sa Lalong Mataas na Edukasyon
- Konsepto ng Porsiyento ng Panloob na Balik
- Pagsukat ng Pribadong Benepisyo
- Pagsukat ng Pribadong Gastos
- Mga Resulta
- Nilalaman ng Panukalang Batas
- Implikasyon ng Panukalang Batas
- Kongklusyon



# Introduksyon

- **Motibasyon sa pagtalakay ng paksa**
  - Kahalagahan ng lalong mataas na edukasyon sa indibidwal at lipunan
  - Implikasyon ng panukalang batas na magbibigay ng libreng matrikula sa mga SUCs
  - Pamantayan sa pagpopondo ng lalong mataas na edukasyon
  - Pagtugon sa iba pang mahahalagang layunin ng lalong mataas na edukasyon



# Benepisyo sa Lalong Mataas na Edukasyon

- Pribadong Benepisyo
  - Pagtaas sa probabilidad ng empleo
  - Pagtaas ng produktibidad ng manggagawa bunga ng kasanayan
  - Pagtaas ng sweldo at kita sa hinaharap






# Benepisyo sa Lalong Mataas na Edukasyon

- Panlipunang Benepisyo
  - Mulat na mamamayan na sumusunod sa batas
  - Mamamayang nagbabayad ng buwis
  - Mamamayang may mataas na antas ng kamalayang panlipunan, kultural at pampulitika



# Benepisyo sa Lalong Mataas na Edukasyon

- **Panlipunang Benepisyo**
  - Mataas na antas ng kaalaman ng komunidad
  - Kapakipakinabang na pananaliksik
  - Magagamit at mapagkakakitaang mga inobasyon



# Pagbabayad sa lalong mataas na edukasyon


- Batay sa tinatamasang benepisyo
  - Pribadong benepisyo: indibidwal
  - Panlipunang benepisyo: pamahalaan
  - Dahil mas malawak ang pribadong benepisyo sa pag-aaral sa kolehiyo, angkop na ang indibidwal ang magbayad sa kanyang pag-aaral



# Konsepto ng Panloob na Porsiyento ng Balik

- Pamantayang ekonomikong ginagamit upang ipakita ang kabuluhan ng isang proyektong pangangapital
- Isang porsiyento ng diskwento na nagpapantay sa kasalukuyang halaga ng mga benepisyo ng isang proyekto at kasalukuyang halaga ng gastos sa pagsasagawa nito


$$NPV = \sum_{t=0}^n \frac{Y_t}{(1+r)^t} - \sum_{t=0}^n \frac{C_t}{(1+r)^t} = 0$$





# Konsepto ng Panloob na Porsiyento ng Balik

- Ang mataas na porsiyento ng balik ay nagpapahiwatig na makabuluhan ang proyektong pangangapital dahil mataas ang inaasahang balik nito




# Konsepto ng Panloob na Porsiyento ng Balik

- Ang maliit na porsiyento ng balik ay nagpapahiwatig na hindi kaanong makabuluhan ang proyektong pangangapital dahil mababa lamang ang inaasahang balik nito

## Return on investment in college

Average annual return over 20 years, %




# Konsepto ng Panloob na Porsiyento ng Balik

- Ang porsiyento ng panloob na balik ay dapat ihambing sa porsiyento ng interes
  - Kapag ang porsiyento ng balik ay mas mataas sa porsiyento ng interes: kapakipakinabang ang proyektong pangangapital
  - Kapag ang porsiyento ng balik ay mas mababa sa porsiyento ng interes: hindi gaanong makabuluhan ang proyektong pangangapital



# Pagsukat ng pribadong benepisyong

- Mga benepisyong sa lalong mataas na edukasyon
  - Dagdag na kita sa hinaharap sa paglipas ng panahon sa mga nagtapos sa pribado at pambuplikong kolehiyong batay sa kita ng mga nagsipagtapos lamang ng mataas na paaralan





# Pagsukat ng pribadong gastos

- Mga gastos sa lalong mataas na edukasyon
  - Tuition sa mga programang akademiko
  - Isinakripisyong halaga

## Minimum Cost per Term



 <p><b>ADMU</b> ATENEIO DE MANILA</p> <p><b>P75,890</b></p>	 <p><b>CSB</b> DE LA SALLE COLLEGE OF SAINT BENILDE 1988</p> <p><b>P40,000</b></p>	 <p><b>DLSU</b> DE LA SALLE UNIVERSITY RELIGIO MORES CULTURA MANILA</p> <p><b>P37,673</b></p>	 <p><b>UPD</b> UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES 1908</p> <p><b>P24,500</b></p>
 <p><b>FEU-EAC</b> FOR EASTERN UNIVERSITY COLLEGE EAST ASIA COLLEGE MANILA</p> <p><b>P39,000</b></p>	 <p><b>FEU</b> FOR EASTERN UNIVERSITY 1928</p> <p><b>P32,000</b></p>	 <p><b>UST</b></p> <p><b>P38,000</b></p>	 <p><b>PUP</b> POLYTECHNIC UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES MANILA 1904</p> <p><b>P666</b></p>


# Pagsukat ng pribadong gastos

- Pagpopondo sa gastos sa lalong mataas na edukasyon



# Resulta

- Ayon kanila Alfonso, Rili, Ruiz at Yoon (2017), ang dagdag na kita ay sinukat mula sa mga nagbabagong koepisyente ng iba't ibang digri sa kolehiyo sa pangkalahatang hugis ng kita sa paglipas ng panahon (age-income profile)





# Resulta

Pamantasan	Gastos Bawat Yunit (Piso) 2012-2013*	Tuition Bawat Unit 2014**
DLSU	2,885.94	2,363
FEU	1,761.91	1,410
ADMU	2,638.30	3,277
SLU	1,493.12	
XU	1,003.28	
SU	1,032.12	
AUF	991.81	
UAP	2,251.61	1,348
MIT		1,545
<b>Average</b>	<b>1,757.26</b>	<b>2,166.43</b>

Pinagkunan: \*Tullao, Cabuay, Garcia, Ang at Sayoc (2015), Costing and Financing Higher Education in the Philippines. Batay sa SY2012-2013 Faculty Database mula sa CHED.

\*\*Bolando, a. (2014). Direct Costs of Private Higher Education Institutions



# Resulta

- Mga gastos edukasyon

## Gastos sa mga pampublikong kolehiyo at pamantasan

Kategorya ng gastos bawat yunit	Bilang ng SUC	Gastos bawat yunit (Piso)
PHP 3000-4999	3	3,708.62
PHP 1000-2999	4	1,303.05
PHP 500-999	37	692.09
PHP 200-499	50	344.37
PHP 100-199	3	163.79
<b>Average</b>	<b>97</b>	<b>614.83</b>

Pinagkunan: \*Tullao, Cabuay, Garcia, Ang at Sayoc (2015), Costing and Financing Higher Education in the Philippines. Batay sa SY2012-2013 Faculty Database mula sa CHED



# Resulta

- **Kabuoang gastos sa mga piling programang akademiko**

Kurso	Pribadong Kolehiyo	Pampublikong Kolehiyo
Agriculture	324,950	64,334
Arts	257,793	51,039
Business	407,270	80,632
Education	314,118	62,190
Engineering	402,937	79,775
Health	320,617	63,477
Humanities	296,787	58,759
Law	288,122	57,043
Mathematics and Statistics	294,632	58,330
Physical Sciences	389,939	77,201
Social and Behavioral Sciences	292,455	57,901

Pinagkunan: Alfonso, Rili, Ruiz at Yoon (2017), A Comparasion of the Rates of of Academic and Technical Vocactional Programs in Post-secondary Education in the Philippines



# Resulta

## Rehiyon Taunang Ipinagpalibang Halaga Batay sa 83.2% Porsiyento ng Empleo ng Kabataan (Piso)

Rehiyon 1	33,696.75
Rehiyon 2	39,620.64
Rehiyon 3	54,071.49
Rehiyon 4A	75,985.65
Rehiyon 4B	58,206.50
Rehiyon 5	40,535.74
Rehiyon 6	44,145.84
Rehiyon 7	50,571.62
Rehiyon 8	46,297.82
Rehiyon 9	43,801.06
Rehiyon 10	39,154.40
Rehiyon 11	49,885.80
Rehiyon 12	38,954.87
NCR	76,182.59
CAR	68,271.11
ARMM	37,092.28
CARAGA	45,669.71

**National Average**

**49,537.87**

# Resulta

- Porsiyento ng balik sa mga digri sa kolehiyo: pribabo at pampubliko: Alternatibong A

Kurso	Pribadong Kolehiyo	Pampublikong Kolehiyo
Agriculture	6	12
Arts	12	22
Business	7	16
Education	13	25
Engineering	7	15
Health	10	20
Humanities	6	13
Law	13	20
Mathematics and Statistics	7	16
Physical Sciences	14	28
Social and Behavioral Sciences	13	24





# Resulta

- Matataas ang mga balik sa mga kurso sa mga pribado at pampublikong kolehiyo at pamantasan.
  - Nagpapahiwatig ito na makatwiran lamang ang pangangapital sa lalong mataas na edukasyon dahil kayang bayaran ng inaasahang kita ang mga gastos sa edukasyon
- Mas mataas ang porsiyento ng balik sa mga pampublikong kolehiyo kaysa mga pribadong kolehiyo.
  - Dahil pareho lang ang pamantayang inaasahang kita, ito ay nagpapahiwatig na mas mura ang gastos sa mga pampublikong kolehiyo at pamantasan



# Resulta

- Porsiyento ng balik sa mga digri sa kolehiyo: pribabo at pampubliko: Alternatibong B

Kurso	Pribadong Kolehiyo	Pampublikong Kolehiyo
Agriculture	8	6
Arts *	15	17
Business *	10	11
Education *	16	20
Engineering *	9	10
Health *	13	14
Humanities	9	6
Law	14	10
Mathematics and Statistics *	10	11
Physical Sciences *	17	23
Social and Behavioral Sciences *	17	20



# Resulta

- Matataas pa rin ang mga porsiyento ng balik sa mga digri sa kolehiyo
  - Tumataas ang balik sa mga kursong kinuha sa pribadong kolehiyo samantalang bumababa sa mga pampublikong kolehiyo
- Kahit bumaba ang porsiyento ng balik sa mga kursong sa pampublikong kolehiyo marami pa ring kurso ang may matataas na porsiyento ng balik kung ihahambing sa mga kursong kinuha sa pribadong kolehiyo
  - Kasama rito ang Arts, Business, Education, Engineering, Health, Mathematics and Statistics, Physical Sciences and Social and Behavioral Sciences.



# Resulta

- Porsiyento ng balik sa mga digri sa kolehiyo: pribabo at pampubliko: Alternatibong C

Kurso	Pribadong Kolehiyo	Pampublikong Kolehiyo
Agriculture	8	5
Arts	15	14
Business	10	9
Education *	16	17
Engineering	9	8
Health	13	12
Humanities	9	6
Law	14	9
Mathematics and Statistics	10	9
Physical Sciences *	17	19
Social and Behavioral Sciences	17	17





# Resulta

- Kahit lubhang nagbabaan ang porsiyento ng balik sa mga kursong sa pampublikong kolehiyo bunga ng pagpapataw ng average tuition sa mga pribadong kolehiyo subalit
  - Matataas pa rin ang mga porsiyento ng balik sa mga digri sa mga pampublikong kolehiyo
  - May ilang kursong sa pampublikong na porsiyento ng balik na halos pantay ng mga porsiyento ng balik sa kurso sa pribadong kolehiyo
  - May ilang kurso sa pampublikong kolehiyo na may matatas pang porsiyento ng balik tulad ng Education at Physical Sciences



# Resulta

- Porsiyento ng balik sa mga digri sa kolehiyo: pribabo at pampubliko: Alternatibong D

Kurso	Pribadong Kolehiyo	Pampublikong Kolehiyo
Agriculture	6	5
Arts *	12	14
Business *	7	9
Education *	13	17
Engineering *	7	8
Health *	10	12
Humanities	6	6
Law	13	9
Mathematics and Statistics *	13	17
Physical Sciences *	14	19
Social and Behavioral Sciences *	13	17

# Resulta

- Sa pagbaba ng inaasahang kita sa mga nagtapos sa mga pribadong kolehiyo at sa pagtaas ng tuition ng mga pampublikong kolehiyo
  - Matataas pa rin ang mga porsiyento ng balik sa mga digri sa kolehiyo
  - Maraming kurso sa mga pampublikong kolehiyo ay may matatatas pang porsiyento ng balik kung ihahambing sa mga kurso sa pribadong kolehiyo
    - Kasama rito ang Arts, Business, Education, Engineering, Health, Mathematics and Statistics, Physical Sciences and Social and Behavioral Sciences.



# Nilalaman ng Panukalang Batas


- Ang SB1304 at HB5633 na naglalaan ng libreng edukasyong pang kolehiyo sa lahat ng SUCs, LUCs at pampublikong paaralang teknikal ay nilagdaan bilang RA 10931 (Universal Access to Quality Tertiary Education Act 2017) noong 03 Agosto 2017
- Ayon kay Sen. Recto, maliit lamang at Php 8 bilyong pondo na kinakailangan upang tustusan ang panukalang batas. Mabibiyayaan ang halos 1.4 milyong estudyante sa mga SUCs





# Nilalaman ng Panukalang Batas

- Ayon kay Sen. Aquino, ang panukalang batas ay magpapalakas sa lahat ng mga Student Financial Assistance Programs (StuFAP) na magiging daan sa pagbibigay ng akses sa edukasyon sa mga pribadong kolehiyo at pamantasan




# Implikasyon sa panukalang batas na libreng matrikula

- Lalo pang pinatataas nito ang porsiyento ng balik sa mga kurso sa mga SUC: Hindi episyente
  - Ang problema ay hindi ang mataas na gastos sa edukasyon
  - Kahit itaas pa ang tuition sa mga kurso sa mga SUC matataas pa rin ang porsiyento ng balik
  - Walang saysay o kabuluhan ang libreng edukasyon para sa lahat ng estudyante sa mga mga SUC dahil nag-aaksaya lamang ang pamahalaan ng kapos nitong yaman



# Implikasyon sa panukalang batas na libreng matrikula

- Lalo pang pinatataas nito ang porsiyento ng balik sa mga kurso sa mga SUC: Hindi mapagpantay
  - Lalong magiging atraktibo ang pumasok sa mga SUC
  - Maraming mahuhusay at may kakayahang magbayad ang maaaring magsisiksikan sa mga SUC dahil libre ang matrikula dito
  - Sa pagdagsa ng mga mga mahuhusay at mayayamang estudyante maaaring mapatid sa pagpasok ang mga maralitan mag-aaral



# Implikasyon sa panukalang batas na libreng matrikula


- Nakaliligtaan ang pagpapasulong ng pananaliksik at pagpapaunlad sa mga pamantasan
  - Layunin ng mga SUC ay palakasin ang kultura ng pananaliksik sa mga pamantasan
    - Mahina pa rin ang performans ng mga SUC, maliban sa UP, sa larangan ng pananaliksik
    - Higit na mataas ang performans sa pananaliksik ng mga piling pribadong pamantasan
  - Ang paglalaan ng pondo na hindi naman kailangan ay nagpapahiwatig na mahina ang apresasyon ng mga mambabatas sa kahalagahan ng pananaliksik sa patuloy at matagalang pagsulong ng ekonomiya ng Pilipinas





# Implikasyon sa panukalang batas na libreng matrikula

- Pahihinain nito ang mga pribadong kolehiyo at pamantasan
  - Bababa ang magsisipasok sa mga pribadong kolehiyo at pamantasan kahit mababa ang tuition
  - Maaaring bumaba ang kalidad ng edukasyon
    - Mas mataas ang kalidad ng mga pribadong kolehiyo at pamantasan kung ihahambing sa mga pampublikong kolehiyo at pamantasan



# Kongklusyon

- Ano ang angkop na patakaran?
  - Pagbibigay ng pautang, scholarship at iba pang tulong sa mga estudyanteng tunay na nangangailangan sa pampubliko at pribadong kolehiyo



# Kongklusyon

- Ano ang angkop na patakaran?
  - Pagbabayad ng angkop na users fee sa mga SUC at pagbibigay ng voucher sa mga estudyante



# Kongklusyon

- Ang pinakamahusay na pangangapital sa ating bansa ay hindi lamang sa mga kabataang Filipino kung di sa kalidad ng edukasyon maging pampubliko at pribado
  - Magbibigay ng angkop na kasanayan sa kabataan
  - Magpapasulong sa pananaliksik at inobasyon

